

## **Mga Madalas na Itanong (Q & A)**

### **Q. Anu-ano ang mga espisipikong pasilidad na saklaw ng fund na ito?**

A. Ang mga target na pasilidad ay ang mga pasilidad na nakalista sa kalakip na sheet.

### **Q. Kailangan ba talaga na isuspende ang negosyo ng buong 19 days (mula Abril 18 hanggang Mayo 6), para makakuha ng fund?**

A. Oo. Ang inyong business ay magiging eligible sa pagtanggap ng fund kung magsasara o shutdown (pagbabawas ng business hours naman para sa mga negosyong nagaalok ng food at drinks tulad ng mga restaurant, atbp.) sa buong petsa mula Abril 18 hanggang Mayo 6, 2020.

Higit pa rito, kung mayroon kang maraming pasilidad sa loob ng Gifu Prefecture, kakailanganin na isuspende ang operasyon sa lahat ng mga ito.

### **Q. Kwalipikado (eligible) ba ang mga restaurant na makatanggap ng fund?**

A. Para sa mga restaurant (food & drink businesses), hinihiling namin na bawasan ang business hours at gawin ito sa pagitan ng 5AM hanggang 8PM para mabawasan ang operasyon sa gabi.

Kaya, halimbawa, ang restaurant na 10PM ang regular na oras at pinaikli ng hanggang 8PM (para sumunod sa ipinakiusap na 5AM hanggang 8PM) ay magiging kwalipikado.

Kwalipikado rin ang mga restaurant na nagsuspende ng buong operasyon (buong araw).

### **Q. Eligible ba ang mga restaurant na karaniwang bukas sa loob ng 5AM~8PM?**

A. Hindi.

Gayunpaman, ang mga restaurant na nagsuspende ng buong operasyong (buong araw) ay eligible.

### **Q. Kwalipikado ba ang mga restaurant na nagswitch at ngayon ay nago-operate ng takeout service at patuloy na bukas?**

A. Kwalipikado ito kung binawasan ang business hours upang hindi mag-serve sa loob ng restaurant mula 20:00 ng gabi hanggang 5:00 ng umaga.

Kahit na nago-operate ng takeout service sa mga oras na ito, eligible parin.

### **Q. Kwalipikado ba kung sinara ang operasyon ng buong hotel na may banquet hall?**

A. Oo, kwalipikado ang hotel dahil sinara ang banquet hall.

### **Q. Ako ay isang freelancer na nakakontrata sa isang pasilidad na hinihiling mag suspende ng operasyon, eligible ba ako?**

A. Dahil ito ay isang fund para sa businesses na hiniling mag suspende ng operasyon, hindi eligible ang mga tao na walang pinapatakpong negosyo o business.

**Q. Kabubukas pa lang ng negosyo ko. Eligible ba ako kung sumunod ako sa mga kondisyon at nagsara ng operasyon?**

A. Kung makukumpirma sa isinumiteng dokumento na nagbukas bago Abril 18, magiging eligible kayo.

**Q. May pwesto ako sa isang shopping mall. Eligible rin ba ako kung sumunod ako sa mga kondisyon at nagsara ng operasyon?**

A. Ang mga nangungupahan sa mga kolektibong pasilidad tulad ng mga shopping malls ay eligible kung sumunod sa mga kondisyon na isara o paikliin ang mga business hours.

**Q. Eligible ba ang mga sariling may-ari ng negosyo (sole proprietor)?**

A. Oo, eligible ang mga sole proprietors na nagsara o nagpa-ikli ng business hours alinsunod sa request.

**Q. Ano ang saklaw na mga small at medium-sized businesses na sakop ng mga fund?**

A. Eligible ang mga small at medium-sized businesses na itinakda ng Small and Medium-sized Enterprise Basic Act, mga pasilidad na pang-edukasyon, unibersidad, tutoring schools, atbp. na hinilingan magsuspende ng operasyon.

Ngunit ang mga childcare facility (kabilang ang childcare cooperation type certified child institution), mga afterschool children's club, at disabled children's daycare support facilities na pinakiusapan magsuspende ng operasyon ay hindi eligible. Ito ay dahil sa dagdag na pakiusap sa kanila na isagawa ang essential childcare habang isinasa alang-alang ang pagkontrol sa paglaganap ng impeksyon.

※Small at medium-sized businesses na itinakda ng Small and Medium-sized Enterprise Basic Act (nakuha mula sa website ng Small and Medium-sized Enterprise Agency)

Klasipikasyon ng Industriya	Depinisyon ayon sa Small and Medium-sized Enterprise Basic Act
Manufacturing atbp.	Kumpanya na may kapital o total investment na ¥300,000,000 o mas kaunti, o Kumpanya o indibidwal na may 300 o mas kaunting regular na mga empleyado
Wholesale	Kumpanya na may kapital o total investment na ¥100,000,000 o mas kaunti, o Kumpanya o indibidwal na may 100 o mas kaunting regular na mga empleyado
Retail	Kumpanya na may kapital o total investment na ¥50,000,000 o mas kaunti, o Kumpanya o indibidwal na may 50 o mas kaunting regular na mga empleyado
Service Industry	Kumpanya na may kapital o total investment na ¥50,000,000 o mas kaunti, o Kumpanya o indibidwal na may 100 o mas kaunting regular na mga empleyado